


Talaan ukol sa panahon at paraan ng paglabas ng mga basura at bagay na maaaring i-recycle

Pakilabas bago mag **8:30 ng umaga** sa itinakdang araw ng koleksiyon. (Maliban sa karaniwang basura at baterya sa mga pook na may koleksiyon sa gabi)

Isulat ang araw ng koleksiyon sa paggamit nito. (nasa pahina 27 hanggang 31 ang listahan ng araw ng koleksiyon)

Karaniwang basura



Dalawang beses sa isang linggo

Araw:

Baterya: sa sumunod na araw ng koleksiyon



Isinasagawa din ang koleksiyon tuwing **piyesta opisyal**, maliban sa Disyembre 31 hanggang sa Enero 3.

Mga bagay na maaaring i-recycle

Mga bote, lata, bagay na gawa sa metal, papel, tela, fluorescent lamps, mercury thermometer, mantikang ginamit sa pagluluto

Isang beses sa loob ng isang linggo

Araw:



Isinasagawa din ang koleksiyon tuwing **piyesta opisyal**, maliban sa Disyembre 31 hanggang sa Enero 3.

Mga lalagyan at paketeng gawa sa plastic

Paalala: pakibukod ang basurang gawa sa plastik ayon sa uri.

PET bottle

Mga lalagyan at paketeng gawa sa plastic

Isang beses sa loob ng isang linggo

Araw:



Isinasagawa din ang koleksiyon tuwing **piyesta opisyal**, maliban sa Disyembre 31 hanggang sa Enero 3.

Maliliit na electrical appliances na ginamit na

Maliliit na electrical device na pinapagalaw sa pamamagitan ng kuryente o baterya na maaaring magkasya sa collection box (sukat ng bungad: 30 cm pahalang x 15 cm pataas)


Maaaring ilabas o itapon kahit anumang oras



Pakilagay sa kulay dilaw na collection box na nasa pampublikong pasilidad sa loob ng siyudad at iba pa. *Tingnan ang pahina 17 para alamin kung saan ito nakalagay

Malalaking basura

May bayad



Pagkulekta sa bawat tahanan

Para sa aplikasyon: 042-774-9933

Kinukulekta ang basura sa bahay pagkatapos gawin ang aplikasyon.

Pagdala nang direkta sa pasilidad

Maaaring dalhin mismo nang direkta ang basura patungo sa pasilidad.

Pag-recycle ng mga electrical appliances

Aircon, TV, refrigerator, freezer, washing machine, clothes-dryer

Pagpapa-recycle sa manufacturer



Kapag papalitan ng bago ang lumang appliances

Pakibayaran ang itinakdang singil (recycle fee + collection/transport fee) sa tindahan o shop na kung saan bibilhin ang bagong kasangkapan at isagawa ang mga pamamaraan sa pagkulekta nito (paghakot ng bago at lumang kasangkapan).

Kapag nais itapon lamang

Pakibayaran ang itinakdang singil (recycle fee + collection/transport fee) sa tindahan o shop na binilhan ng lumang kasangkapan at isagawa ang mga pamamaraan sa pagkulekta nito.

Tingnan ang pahina 23 kapag hindi maisagawa ang pamamaraang nabanggit sa tindanan o shop.

Para sa mga katanungan



Chotto Oshiete Call Sagamihara

8:00 – 21:00 (bukas araw-araw buong taon)

Tel: 042-770-7777

*Pakikumpirma ang tamang numero sa oras ng pagtawag.



Smartphone application ukol sa pagbubukod ng basura sa siyudad ng Sagamihara

Shigenjar Search


©Siyudad ng Sagamihara



Para sa iPhone



Para sa Android



Napakadali, maaaring gawin ang pag-download dito! Libre ito

Mascot "Lemon-chan" ©Siyudad ng Sagamihara

Maaaring gupitin at idikit sa refrigerator at iba pa.